NRCP RESEARCH JOURNAL

Full Paper

"Recognizing the *ANIMO* of Filipino Psychology:" Ang Pagpunla ng Sikolohiyang Pilipino Mula sa Unibersidad ng Pilipinas Patungong De La Salle University Bilang Pangalawang Sentro ng Sikolohiyang Pilipino

"Recognizing the *ANIMO* of Filipino Psychology:" The Development of Filipino Psychology from the University of the Philippines to De La Salle University as the Second Center of Filipino Psychology

Deborrah Sadile Anastacio[1], Leslie Anne L. Liwanag[2] and Monica Renee G. Policarpio[3]

[1]Departamento ng Filipino, De La Salle University, deborrah.anastacio@dlsu.edu.ph

[2]School of Innovation and Sustainability, De La Salle University, leslie.liwanag@dlsu.edu.ph

[3]Department of Psychology, De La Salle university, monica.policarpio@dlsu.edu.ph

Mahigit limang dekada nang umiiral ang intelektwal na kilusang Sikolohiyang Pilipino (SP) na nagbunga ng iba't ibang interdisiplinaryong pananaliksik ng mga dalubhasa at iskolar sa Pilipinas. Kasalukuyang itinuturing na pangunahing sentro ng SP ang Unibersidad ng Pilipinas (UP), ang akademikong institusyon na humubog sa mga nangunang tagapagsulong nito, na pinangunahan ni Virgilio Enriquez (1942-1994) noong bumalik sa Pilipinas mula sa pag-aaral sa Amerika. Para mabigyang-kasagutan ang pangunahing suliranin sa kung paano maituturing bilang pangalawang sentro ng SP ang Pamantasang De La Salle-Maynila (DLSU), kinapanayam ng mga mananaliksik ang mga tanyag na mag-aaral at iskolar ng SP na ginabayan ng kasaysayang pasalita. Nahahati ang papel sa mga sumusunod na subseksyon: 1) ang kasaysayan at konteksto ng Sikolohiya sa Pilipinas; 2) ang iba't ibang kanluraning tradisyon ng Sikolohiya sa mga pamantasan sa Pilipinas; 3) ang UP bilang unang sentro ng SP; 4) ang pagpunla ng SP sa DLSU at ang DLSU bilang pangalawang sentro ng SP ; at 5) ang paglalagom at kongklusyon.

Mga Susing Salita; Sikolohiyang Pilipino; Unibersidad ng Pilipinas; Pamantasang De La Salle, Maynila; Pangalawang Sentro ng Sikolohiyang Pilipino

For more than fifty years, Sikolohiyang Pilipino (SP) has been a thriving intellectual movement that has given rise to diverse interdisciplinary research conducted by experts and scholars in the Philippines. The University of the Philippines (UP) is currently considered the primary center of SP, the academic institution that molded its foremost advocates, notably led by Virgilio Enriquez (1942-1994) upon his return to the Philippines from studying in America. To address how De La Salle University-Manila (DLSU) can be considered a secondary center of SP, researchers interviewed renowned students and scholars of SP guided by oral history. This paper is divided into the following subsections: 1) the history and context of Psychology in the Philippines; 2) the various Western traditions of Psychology in Philippine universities; 3) U.P. as the initial center of SP; 4) the development of SP in DLSU and DLSU as the secondary center of SP; and 5) the synthesis and conclusion.

Keywords; Sikolohiyang Pilipino; University of the Philippines; De La Salle University-Manila; Secondary Center of Sikolohiyang Pilipino

Article history

Received : November 26, 2023
Revised : February 9, 2024
Accepted: February 12, 2024

Introduksyon

Tinukoy na nagsimula ang sikolohiya sa Pilipinas noong panahon ng pananakop ng Espanyol. Ang advanced training sa siyentipikong sikolohiya ay may mahaba nang kasaysaysan sa Unibersidad ng Santo Tomas (UST) (Enriquez, 1992), na unang nagsimula noong 1645 bilang bahagi ng kurikulum ng Pilosopiya. Noong 1910, dalawang taon matapos maitatag ang Unibersidad ng Pilipinas (UP), itinuro ang sikolohiya sa Departamento ng Pilosopiya at Sikolohiya ng Kolehiyo ng Malalayang Sining sa pamumuno ng Amerikanong si Dr. Henry S. Townsend. Binuksan noon ang mga kurso sa sikolohiya na General Psychology, Genetic Psychology, Educational Psychology at Tests and Measurements. Sa paglipas ng panahon, hiniwalay ang sikolohiya sa pilosopiya at mas naugnay sa edukasyon hanggang noong 1960s (Licuanan, 1985). Sa katunayan, inilipat ang sikolohiya sa ilalim ng Kolehiyo ng Edukasyon sa U.P. nang magbukas ito noong 1918. Tinukoy na nakapaloob sa mga taong 1920 hanggang 1960 ang panahon ng pagtatag ng ilang institusyong pansikolohiya sa iba't ibang panig ng Pilipinas (Hechanova, Bernardo, at Yacat nasa Yacat, 2013). Masasaksihan dito ang pag-angkat at pagpunla ng Kanluraning Sikolohiya sa Pilipinas sa pamamagitan ng tatlong tradisyon: tradisyong Amerikano, tradisyong Aleman, at tradisyong Belgian.

Iba't Ibang Kanluraning Tradisyon ng Sikolohiya ng mga Pamantasan sa Pilipinas

Ang iba't ibang tradisyon ng Sikolohiya ay natukoy na nagmula sa ilang pamantasan sa Pilipinas, tulad ng mga sumusunod: 1) ang Tradisyong Amerikano mula sa Unibersidad ng Pilipinas at Unibersidad ng Sto. Tomas; 2) ang Tradisyong Aleman mula sa University of San Carlos; at 3) ang Tradisyong Belgian mula sa St. Louis University, Baguio.

Una, ang sikolohiya sa tradisyong Amerikano ay maituturing na namayagpag sa karamihan ng pamantasan, partikular na sa U.P. at UST mula 1920s hanggang pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Itinuturong sanhi ang presensya ng mga Amerikanong propesor sa mga pamantasan, at pag-aaral at pagbalik ng mga Pilipinong iskolar na pinag-aral sa mga tanyag na pamantasan sa Estados Unidos. Nagsimula ang Amerikanong oryentasyon ng sikolohiya sa gradwadong antas sa Pilipinas nang natapos ang panahon ng Pilipinisasyon ni Harrison noong 1921. (Agoncillo 28 sinipi ni Enriquez, 1992). Ayon kay Enriquez (1992), nagkaroon ng kongkretong manipestasyon ang impluwensya ng edukasyong Amerikano at kolonyal na kultura sa Sikolohiya sa Pilipinas sa katauhan ni Dr. Agustin Alonzo (ibid.). Nakuha ni Alonzo ang kaniyang digri sa batsilyer at kinilala bilang kauna-unahang nakapagtapos ng tesis sa wikang Ingles sa masteradong digri sa Sikolohiya sa U.P. Agad na tumungo si Alonzo sa University of Chicago para sa doktoradong digri sa experimental psychology. Dito itinatag nina Alonzo at ng mga kapwa-mag-aaral ang International Center sa University of Chicago (Enriquez , 1992).

Noong itinalaga si Alonzo bilang Tagapangulo ng Departamento ng Sikolohiya sa U.P. ng makabalik

mula Estados Unidos noong 1925, maituturing na nagbunga ang Pilipinisasyon ni Gobernador Heneral Francis Burton Harrison (1873-1957). Sa ilalim ng gabay ng mga Amerikano, nilayon ng polisiyang ito na maitalaga ang karamihan ng posisyong sibil sa mga Pilipino bilang bahagi ng paghahanda "sa pagsasarili ng Pilipinas." Isang praktikal na polisiya para sa mga Amerikano dahil mas mura ang gastos sa pagkuha sa mga Pilipino, subalit inilalaan pa rin ang mga kritikal na posisyon sa mga mga kolonyal na Amerikanong administrador. (Enriquez, 1992). Naging tagapayo rin si Alonzo ng mga kilalang Pilipinong sikolohista na sina Dr. Alfredo Lagmay (1919-2005), Dr. Estefania Aldaba-Lim (1917-2006), at Dr. Sinforoso Padilla, Sr. (1901 - 1903).

Noong 1926, itinatag ang Departamento ng Sikolohiya sa U.P. (Paredes-Canilao at Babaran-Diaz, 2013) at UST (UST Department of Psychology, n.d.). Parehong nagsimula ang kurso ng sikolohiya sa UST at U.P. bilang bahagi ng Departamento ng Pilosopiya. Nagsimula rin ng Psychological Clinic sina Sinforoso Padilla sa U.P. noong 1932 at Jesus Perpiñan sa Far Eastern University noong 1993 (Yacat, 2013). Noong 1938, sa pangunguna ni Fr. Angel de Blas, OP, binuksan ang UST Experimental Psychology Laboratory, ang kauna-unahan at itinuturing na nag-iisa sa malayong silangang Asya noong panahong iyon (ibid.). Nakaimpluwensya ito sa klinikal, medikal, at pisiyolohikal na oryentasyon sa sikolohiya noong 1970s. Samantala, sa pagbabalik ng Pilipinas ni Dr. Aldaba-Lim, ang kauna-unahang babeng Pilipinong sikolohista, noong 1948 itinatag at naging unang director siya ng Institute of Human Relations (1948) sa Philippine Women's University (Thirteenth Congress of the Republic of the Philippines, 2013). Taong 1961, nagsimula ang Philippine Psychological Corporation na nagbigay ng mga serbisyong sikolohikal at pangunahing retailer ng mga sikolohikal na panukat.

Bago pa ipinadala si Alonzo sa Estados Unidos para mag-aral, itinuturing na nauna ang kaniyang naging tagapayo na si Dr. Alfredo Lagmay (1919-2005) na nag-aral ng experimental psychology sa gabay ni B.F. Skinner (1904-1990) sa Harvard University, Massachusetts. Noong matapos ng doktorado sa sikolohiya si Dr. Lagmay, bumalik siya sa U.P. taong 1955. Nanguna si Dr. Lagmay na mailipat ang Departamento ng Sikolohiya mula sa ilalim ng Kolehiyo ng Edukasyon patungo sa Kolehiyo ng Malalayang Sining. Masasabing binigyan ng bagong oryentasyon ni Dr. Lagmay ang sikolohiya, partikular na ang experimental psychology, sa U.P. – mula sa perspektibo ng edukasyon tungo sa siyentipikong oryentasyon (Enriquez, 1992). Noong huling mga taon ng 1950s at unang bahagi ng 1970s, nakilala ang Departamento ng Sikolohiya ng U.P. na ugali ang oryentasyon, samantalang psychoanalytical naman ang UST. Sa kabila ng pagtingin noon na hindi siyentipiko ang psychoanalytical na sikolohiya, nasaksihan ang pagkatatag ng Departamento ng Sikolohiya at ang Central Guidance Bureau ni Fr. Jaime Bulatao, SJ noong 1960 sa Pamantasang Ateneo de Manila, matapos ito ng digri niya sa doktorado sa Experimental Psychology sa Fordham University, sa New York, Estados Unidos.

Pangalawa, ang sikolohiya sa tradisyong Aleman ay maituturing na naipunla sa University of San Carlos sa Lungsod ng Cebu sa pamamagitan ni Fr. Joseph Goertz, SVD. Itinatag ang Departamento ng Sikolohiya sa USC noong 1954. Tinanggap ni Fr. Goertz ang akademikong posisyon matapos ang halos labinwalong taong gawain na may kaugnayan sa sikolohiya sa Beijing at ilang taon sa Europa. Itinuro ni Fr. Goertz ang experimental psychology alinsunod sa tradisyon ni Wundt at sa pamamagitan ng aklat na Theoretical Psychology ni Johannes Lindworsky (Enriquez, 1992). Natunghayan na Wikang Ingles ang midyum sa pagtuturo, subalit Aleman ang pundasyon ng teoretikal na perspektiba. Ang Departamento ng Sikolohiya ng USC ay kinilala bilang ikatlong pinakamatandang departamento ng sikolohiya sa Pilipinas, sumunod sa U.P. at UST. Bukas din ito sa maka-Amerikanong pagsasanay sa sikolohiya, kaya nagpadala ito ng mga iskolar sa Maynila o Honolulu para sa mas mataas na antas pag-aaral, ngunit sa kasamaang palad hindi na bumalik ang mga iskolar na ito (ibid.). Pinatatakbo ng relihiyosong kongregasyon ng Society of the Divine Word (SVD) ang USC, kaya bagaman nasa Cebu ang USC, nakatuon ang kanilang mga gawain sa sikolohiya sa Leyte. Matatagpuan sa Leyte ang dating Divine Word University (DWU) (kasalukuyang Liceo del Verbo Divino) sa Lungsod ng Tacloban, na minsang naging tagapanguna sa larangan ng agham panlipunan, ngunit kalaunang nagsara dahil sa mga isyu sa kilusang paggawa.

Pangatlo, ang sikolohiya sa tradisyong Belgian ay maituturing na sumibol sa St. Louis University (SLU) sa Lungsod ng Baguio. Noong 1967, binuksan ang sikolohiya bilang medyor sa andergradwadong programa sa pangunguna ng misyonaryo na si Fr. Evarist Verlinden, CICM. Binuo ni Fr. Verlinden ang kurikulum ng mga paksa patungo sa larangan ng natural na agham. Mapagtatanto mula rito na ang SLU ang unang nagbukas at nagturo ng disiplina ng sikolohiya bilang kurso sa Batsilyer sa Agham. Si Fr. Verlinden rin ang namahala sa Psychology Laboratory ng SLU. Sa tulong ng aktibong programa

sa serbisyong pangkomunidad, nagkaroon ng direktang karanasan ang mga mag-aaral sa applied psychology (Enriquez, 1992). Naging tunguhin ni Fr. Verlinden na makakuha ng mga nakapagtapos ng masterado sa Pamantasang Ateneo de Manila upang maituro ang sikolohiya na may kontekstwalisasyon sa Pilipinas, subalit nakita na may malaking hamon sa pinansyal na aspekto upang maisakatuparan ito (ibid.). Sa nais ni Fr. Verlinden na maipagpatuloy ang binuksang programa, inimbitahan na lamang niya ang mga kapwa-misyonaryong Belgian na may doktorado sa sikolohiya na magturo sa SLU. Hindi nagtagal, mas dumami ang mga gurong pari na Belgian kumpara sa mga lokal na kaguruan ng programang MS psychology sa SLU. Dahil dito, hindi na naituon sa mga tao ng Kordilyera ang kurso ng programa tulad ng Filipino Psychology na maituturing na bahagi ng "Sikolohiya sa Pilipinas" (ibid.)

May pinakamalaking impluwensya sa Pilipinas ang sikolohiya na nakaugat sa tradisyong Amerikano dulot ng kanilang mga estratehikong polisiya at pagtuon sa sistema ng edukasyon sa bansa. Mas pinalakas pa ito ng pagbibigay sa mga Pilipino ng mga iskolarsyip upang mag-aral sila sa mga pamantasan sa Estados Unidos. Sa kabila nito, nakapasok din ang tradisyong Aleman at tradisyong Belgian sa "Sikolohiya sa Pilipinas" dahil sa mga pinagmulang tradisyon ng mga misyonaryong pari na nagtatag ng kani-kanilang departamento ng sikolohiya sa mga natukoy na pamantasan. Matutunghayan na naaayon sa panahong ito ang mga pagtatangka at pagsusumikap ng mga edukasyonal na institusyon ng USC at SLU. Nagpakita ang USC ng pagiging bukas sa tradisyong Amerikano sa sikolohiya na lumaganap sa mga pamantasan noong 1950s. Samantala, naging pamamaraan ng SLU noong 1960s ang pagsusulong ng kontekstwalisasyon ng sikolohiya, ang panahon na nagsisimula ang usapin ng indihenisasyon.

Ang UP bilang Pangunahing Sentro ng Sikolohiyang Pilipino

Buhat sa iba't ibang Kanluraning tradisyon ng Sikolohiya ang isinabuhay ng mga pamantasan sa bansa.

Nagsimula ang sikolohiya sa U.P. bilang behaviorist school at naging popular na kurso para sa nag-aaral ng edukasyon, pagnenegosyo, at agham panlipunan. Samantala, naging batayang kurso rin ito para sa mga may nais mag-aral ng medisina at abogasya.

Nagbunga ang intelektwal na kilusang Sikolohiyang Pilipino (SP) upang pumuna sa maka-Kanluraning oryentasyon sa agham panlipunan. Nagsimula ito noong dekada 60s hanggang dekada 70s na nagdulot para paggugulan ang indihenisasyon o Pilipinisasyon sa larangang mula sa Kanluran. Kaugnay nito lumaganap ang pagbubuo ng pambansang kamalayan at pagkakakilanlan. Sa panahong ito nagdidiskurso ang mga iskolar na mas mabisa at angkop ang mga siyentipikong pananaliksik na nakaugat sa katutubong karanasan ng komunidad na sinisiyasat na instrumental sa pagkilala sa sarili at pambansang kaunlaran.

Isa sa nangunang kilusan ang SP, sa pangunguna ni Dr. Virgilio G. Enriquez (1942-1994), na kinilalang Ama ng Sikolohiyang Pilipino. Taong 1963 nang pormal na naging bahagi ng sikolohiya si Enriquez noong magturo sa UP, dito ginamit niya ang Wikang Pilipino bilang midyum sa pagtuturo taong 1965 (Pe-pua at Protacio-Marcelino, 2000).

Noong sumunod na taon, nagtungo si Enriquez sa Northwestern University sa Evanston, Illinois para mag-aral ng digri sa masterado at doktorado sa sikolohiya. Bagaman nasa ibang bansa, patuloy ang pakikipag-ugnayan ni Enriquez kay Dr. Alfredo Lagmay, tagapangulo ng Departamento ng Sikolohiya ng U.P. noong panahong iyon. Sa pag-uusap nina Enriquez at Dr. Lagmay, nalaman ni Enriquez ang pagsulong ng paggamit ng Wikang Pilipino sa pagtuturo. Nagbunsod ito para simulan ni Enriquez ang paghahanda sa pagtuturo ng Sikolohiya sa Wikang Pilipino, hindi alintana ang pakikipag-usap at pakikipag-argumento sa ilang kaibigan at propesor sa Northwestern University tulad nina Ernesto Kole, Lee Sechrest, at Donald Campbell (ibid.).

Noong 1971, bumalik sa Pilipinas si Enriquez at pinuna niya ang pag-angkat ng Kanluraning kaisipan nang walang pagsaalang-alang sa lokal na konsepto at karanasan. Natukoy na nagsimula ang SP sa obserbasyon ni Enriquez sa mga sikolohistang nag-aral sa mga pamantasan sa Estados Unidos at nagbalik-bansa. Ayon sa kanya, karaniwan sa mga Pilipinong nag-aaral sa Estados Unidos ang pagkiling sa mga konsepto at disiplina sa dayuhang bansa. Kapag bumabalik sa Pilipinas, dala-dala nila ang kultura ng pagtuturo sa wikang Ingles ng mga dayuhang disiplina (katulad ng sikolohiya) na nagresulta ng misedukasyon ng naturang larangan (Enriquez sinipi ni Yacat, 2013).

Upang wakasan ang patuloy na resulta ng misedukasyon, pinag-isipan ni Enriquez ang

pagkakaiba ng "Sikolohiyang Pilipino" mula sa "Sikolohiya sa Pilipinas," kung saan ginamit ang imahen ng isang "bahay" sa pagpapaliwanag nito. Isang magandang halimbawa ang pagkumpara ng mga salitang "taong bahay" at "tao sa bahay", subalit mas malalim ang "taong bahay" kaysa sa "tao sa bahay" (Enriquez, 1992). Tumutukoy ang "taong bahay" sa naninirahan sa bahay o may-ari ng bahay na may natural na malasakit, paninindigan, at kinikilalang gampanin samantala, ang "tao sa bahay" ay tumutukoy lamang sa taong maaaring napadaan o bisita lamang na walang malalim na pagpapahalaga o pag-unawa sa mga "taong bahay."

Tinutukoy ng "Sikolohiya sa Pilipinas" ang mga pag-aaral na maihahanay sa sikolohiya na matatagpuan sa Pilipinas, na resulta ng mga pangyayaring may kaugnayan sa sikolohiya sa ating bayan (ibid.). Nangangailangan ng pagkukusa at paninindigan ang pagiging "taong bahay," kaya mas madaling maging "tao sa bahay" dahil hindi na kailangang pag-isipan pa. Samantala, tinutukoy ng "Sikolohiya ng mga Pilipino" ang sinumang nais mag-aral sa kalikasang sikolohikal ng mga Pilipino.

Sa madaling sabi, tinutukoy ng SP ang mga Pilipinong may pagkukusa sa pag-aaral ng teorya, pamamaraan, at pagsasapraktika ng Sikolohiya sa kultura at lipunang Pilipino. Ito rin ang sikolohiya tungkol sa mga Pilipino ng mga Pilipino na para sa kapwa mga Pilipino.

Hinikayat ni Enriquez ng naging tagapangulo siya ng Departamento ng Sikolohiya sa U.P. (1977-1982), ang pagsubok ng ibang pamamaraan at pagtuklas sa mga konseptong nakapaloob sa kulturang Pilipino. Katuwang ni Enriquez si Amaryllis "Amor" Torres sa pagpapalaganap ng pagtuturo at pagsulat sa Wikang Pilipino. Isa rin si Torres sa tumugon sa panawagan ni Dr. Lagmay sa pagtuturo ng sikolohiya sa Wikang Pilipino (Pe-Pua at Protacio-Marcelino, 2000).

Sa pagyabong ng Sikolohiyang Pilipino sa U.P., naimpluwensyahan ni Enriquez ang mga kasamang kaguruan at mga mag-aaral. Tanyag at masugid na mag-aaral ni Enriquez sina Rogelia Pe-Pua, Ma. Angeles Guanzon-Lapeña, at Flordeliza Lagbao-Bolante, na naging malawak ang kasaysayan ng mga pananaliksik at tala ng mga publikasyon na may kinalaman sa katutubong sikolohiya, mga katutubong metodo, at Sikolohiyang Pilipino.

Hindi rin pinalampas ni Enriquez ang pagtatag ng mga institusyong pampananaliksik sa SP. Noong 1971, nabuo ang Philippine Psychology Research House na kinalaunang naging Philippine Psychology Research and Training House (PPRTH), na nilayong mapalalim ang pag-unawa sa SP at makalikha ng mga orihinal na pananaliksik at teorya.

Unang naging hakbang sa institusyonalisasyon ng SP sa Pilipinas nang ilunsad ang unang kumperensiya ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) noong 1975 (Paredes-Canilao at Babaran-Diaz, 2013). Lumahok sa nabanggit na kumperensiya ang tatlong namuno sa kilusan ng Pilipinasasyon na sina Dr. Virgilio Enriquez para sa Sikolohiyang Pilipino, Dr. Prospero Covar para sa Pilipinolohiya, at Dr. Zeus Salazar para sa Pantayong Pananaw. Mula noon, ginagawa na ang taunang kumperensiya sa iba't ibang bahagi ng bansa para maipakita ang pagiging bukas nito sa mga rehiyon sa Pilipinas.

Para maisakatuparan ang integrasyon at institusyonalisasyon ng SP, nagbigay-daan ang pagtuturo ni Enriquez sa Pamantasang De La Salle (DLSU), Pamantasan ng Lungsod ng Maynila, Unibersidad ng Santo Tomas (UST), at Centro Escolar University upang maiugnay ang SP sa mga kursong Filipino child psychology, social psychology, cultural psychology, at community psychology (Paredes-Canilao at Babaran-Diaz, 2013). Pinakapundasyon ang pagsisimulang pagtuturo ng SP ni Enriquez sa U.P., na lalong pinagtibay nang maging Tagapangulo siya ng Departamento ng Sikolohiya. Ipinagpatuloy ang mga nasimulan ni Enriquez ng mga kapwa-guro at kaniyang mga naging mag-aaral. Hanggang ngayon, patuloy na yumayabong ang SP sa Pilipinas dahil sa hindi na mabilang na bulto ng mga pananaliksik at mga institusyong nagsusulong nito.

Itinuturing na pangunahing sentro ng SP ang U.P. dahil bukod sa matatagpuan sa institusyon ang mga tagapangunang nagsulong na sumunod kay Enriquez, matutunghayan maging sa Google Scholar ang hindi matatawarang mga artikulong tumatalakay sa simulain, pag-unlad, at pagpapatuloy ng SP sa pamantasang ito. Makikita ang mga hanay ng publikasyon nina Patricia Licuanan noong 1985, Rogelia Pe-Pua at Elizabeth A. Protacio-Marcelino noong 2000, Maria Cecilia Gastardo-Conaco noong 2005, Narcisa Paredes-Canilao at Maria Babaran-Diaz noong 2006, at Mendoza noong 2007.

Ang Pagpunla ng Sikolohiyang Pilipino Mula sa U.P. Patungong DLSU Bilang Pangalawang Sentro

Para mabigyang-diskusyon ang pagiging pangalawang sentro ng DLSU sa usapin ng

Sikolohiyang Pilipino, matutunghayan ang paghahati ng diskusyon sa mga sumusunod na subseksyon: ang pagpunla ng SP mula UP patungong DLSU bilang pangalawang sentro, ang pagsulong ni Br. Andrew ng Pilipinisasyon sa DLSU, at ang katayuan at ang hinaharap ng SP sa DLSU.

Para mabalikan at mailahad ang pagpunla ng SP sa DLSU, isinagawa ang pakikipanayam kina Dr. Madelene Sta. Maria, na unang inimbitahan ng dating guro niyang si Jose Ma. Bartolome para magturo ng experimental psychology sa DLSU; si Ma. Angeles Guanzon-Lapeña, na isa sa mga masugid na mag-aaral at itinuring na protégé ni Enriquez at isa sa lumikha ng Panukat ng Pagkataong Pilipino; si Dr. Roberto Javier, Jr., na dating tagapangulo ng Departamento ng Sikolohiya sa DLSU; si Dr. Homer Yabut, fakulti ng Departamento ng Sikolohiya at dating andergradwadong mag-aaaral ng Departamento, si G. Raymund Anicete, nagtapos ng Master of Science in Cultural Psychology sa DLSU



Pigura 1. Dr. Roberto Javier (mula sa DLSU Website)

at naging mag-aaral ni Dr. Zeus Salazar; at Dr. Zeus Salazar, Ama ng Bagong Histograpiyang Pilipino at nagturo sa Departamento ng Sikolohiya sa DLSU. Mula sa pakikipanayam na ito, nilagom ng mga mananaliksik ang ilang puntos kung bakit maaaring maituturing ang DLSU bilang pangalawang sentro ng SP na bunga ng pagpunla ng UP.

Pigura 2. Madelene Sta. Maria (mula sa Facebook ng Mapúa Malayan Colleges Laguna)

Una, marami sa mga mag-aaral ni Enriquez na may kamalayan sa SP ay mula sa U.P. na nakapagturo at kasalukuyang nagtuturo sa DLSU. Dito masasabing nagsimula ang pagpupunla ng SP sa DLSU dahil sa kamalayang hatid ng mga rekruit na iskolar mula sa U.P. (Guanzon-Lapeña, Panayam Oktubre 29, 2018). Ilan sa kanila sina Ma. Angeles Guanzon-Lapeña, Dr. Madelene Sta. Maria, Bb. Marita Bernardo, Bb. Gundelina Velasco, Dr. Grace Orteza, Dr. Flordeliza Lagbao-Bolante, at Dr. Roberto "Bobby" Mendoza. Malaki ang kanilang naging ambag upang mas makilala at mas mapalalim ang kamalayan ng SP sa DLSU. Noong 1982, si Dr. Madelene Sta. Maria, unang inimbitahan para magturo ng experimental psychology sa DLSU. Samantalang noong taong 1984 sumunod naman si Ms. Ma. Angeles Guanzon-Lapeña. Ayon kay Sta. Maria: "we came from UP. . .galing kami sa kulturang U.P.. .na may napakalakas ng movement for Sikolohiyang Pilipino (SP). Nadala namin ang pananaw na SP sa DLSU (Panayam Hunyo 19, 2019)."

Pangalawa, dala ang karunungan ng SP ng mga dating mag-aaral ni Enriquez na nagturo at nagtuturo sa DLSU ang nagsulong ng integrasyon ng SP sa ilang kurso sa sikolohiya at binuo ang kursong SP para sa andergradweyt. Patotoo ni Javier: "si Bobby, hindi man nakapagturo ng SP, napakaaktibo niya sa pagsi-Sikolohiyang Pilipino partikular na sa pagsulat at pag-aaral tungkol sa sekswalidad ng Pilipino. At iyon yung naging kontribusyon niya

diyan. At si Bobby rin ay isang masugid na advocate ng Pambansang Samahan (Panayam Disyembre 11, 2019)." Pagdidiin pa ni Javier, inaangkop ni Mendoza ang pagtuturo ng SP sa ibang kurso tulad ng Abnormal Psychology at Theories of Personality, na may kaakibat na tanong na, "kung paano ito sa pananaw ng SP (ibid.)." Kaya hindi lamang sa kaguruan nakasalalay ang pagpapayaman sa SP, kundi pati na rin sa mga andergradwadong mag-aaral ng sikolohiya sa pamamagitan ng kanilang tesis.

Binuo ang kurso ng Sikolohiyang Pilipino para sa andergradweyt bago pa man ang mandato ng Commission on Higher Education. Pagdidiin ni Guanzon-Lapeña (Panayam Oktubre 29, 2018): "[DLSU] would be sponsoring the conferences, there are more papers about SP and what other universities did was. . . injecting SP in all the subjects, but. . .there was no structure that was clearly for SP. Ang naging decision ng department was to do that, but also to have an SP course." Dagdag pa ni Javier, "bago ang pagtatakda ng CHED, itinuturo na dito [DLSU] ang Sikolohiyang Pilipino, na hindi pa itinuturo maliban sa U.P. Itong departamento [Departamento ng Sikolohiya] na ito ay nagpasiya na ito'y maituro bilang kurso at hindi bilang elektib." Sinikap na maituro ang SP sa DLSU bilang isa sa kahingiang kurso para makumpleto ang programang Sikolohiya sa Batsilyer sa Sining at Batsilyer sa Siyensya bago pa man ang pagtatakda ng Commission on Higher Education (CHED). Taong 2004 nang opisyal na buksan ang Sikolohiyang Pilipino bilang kurso sa mga mag-aaral sa andergradwado ng Departamento ng Sikolohiya ng DLSU. Samantala, taong 2017 sa bisa ng CHED Memorandum Order No. 34 pa lamang mababasa na required na kurso ang Sikolohiyang Pilipino sa mga kumukuha ng programang Sikolohiya sa mga pamantasan sa buong bansa.

Pangatlo, ang pagsulong na maging research university ang DLSU ay gumabay sa naging desisyon nito hindi lamang sa pagrerekruit ng mga iskolar, kundi pati na rin sa paglalaan ng pasilidad na maisagawa ang pananaliksik. Isinasagawa at nagsilbing depositoryo ng lahat ng aktibidad ng SP sa DLSU noong panahong iyon sa Cognitive Psychology ang Laboratoryo sa Pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino (LAPIS), laboratoryo ng Departamento ng Sikolohiya. Pinipili ang pinakamagagaling na mga estudayante upang maging katuwang sa pamamahala ng LAPIS na tinawag na "LAPISTA." Mula noon, kapansin-pansin ang pagdami ng bilang ng mga tesis na kaugnay o tungkol sa SP.

Pang-apat, ibinahagi ni Guanzon-Lapeña na ipinanukala ni Enriquez noong naimbitahan siyang magturo sa DLSU (circa 1993) na magbago ang pokus ng Departamento ng Sikolohiya sa DLSU at bumuo ng laboratoryo para sa Cognitive Psychology. Ayon kay Guanzon-Lapeña (Panayam Oktubre 29, 2018): "You know it shifts from behaviorism… nandoon kami sa Cognitive Psychology. So we set it up and many of the students' papers were actually not Cognitive Psych. But there were some… there are quite a few on decision-making, on creativity, things that are cognitive, but we noticed that more people are interested in emotion. Very Pinoy. So, we dropped the name "cognitive" so that students will not be restricted to just cognition types of topics." Ang paradigm shift ng agham ng sikolohiya ay pagbabago mula behavioristic patungong cognitive.

Ayon sa nauna, ang mga gawi o pag-uugali ay nahubog dulot ng pag-aangkop na mula impormasyong galing sa kapaligiran. Napagtanto ng mga dalubhasa na may pagkukulang ang pananaw na ito sa pagsasawalang bahala sa panloob (o hindi direktang maoobserbahan na karanasan) at prosesong kognitibo na namamagitan sa impormasyong galing sa paligid at sa kilos ng isang indibidwal. Sa madaling salita, ang indibidwal ay hindi mistulang robot na walang sariling kaisipan at may katumbas na tiyak na pagkilos batay sa itinalaga ng kapaligiran.

Maaaring nakapagpalakas sa DLSU bilang pangalawang sentro ng SP ang pagsusulong nito bilang isang research university kung kaya't sinisikap nito ang pagiging malapit sa bagong pag-usbong ng cognitive paradigm. Dahil dito, angkop din sa pagsusulong nito ang pagrekruit kay Sta. Maria na inanyayahan upang magturo ng experimental methods sa sikolohiya, na siya namang pangunahing metodo sa behavioristic at cognitive paradigm. Samakatuwid, masasabing ang pagsasama-sama ng mga mahuhusay na iskolar upang mapalakas ang kultura ng pananaliksik, ang paglalaan ng mga pasilidad tulad ng pagbuo ng laboratoryo na nakalaan para sa pananaliksik, at ang kultura ng pakikipag-ugnayan ng kaguruan sa mga mag-aaral sa pananaliksik ay ang mga kanais-nais na mga kondisyon sa pagpupunla ng SP sa DLSU. Ang pagsalin ng paradaym ng agham ng sikolohiya at ang tinatahak na direksyon ng DLSU bilang research university na may panlipunang layunin ay ang mahahalagang sangkap sa pag-unlad ng SP sa Pamantasan.

Panlima, ang paghasa sa kakayahan sa pagsulat sa Wikang Filipino ng mga mag-aral at ang kanilang

kolaboratibong pananaliksik ukol sa SP kasama ang mga iskolar. Ito ang mga masugid na tinaguyod ni Dr. Zeus A. Salazar nang maimbitahan siya ni Javier na magturo sa Departamento ng Sikolohiya DLSU taong 2000. Naging marka ni Salazar sa pagtuturo sa DLSU ang kaniyang kultura na "katitikan" o pagdodokumento ng mga diskusyon (na may direkta o indirektang kinalaman sa SP). Makikita sa "katitikan" ang mga pangyayari sa mga hinawakang kurso mula sa paksa, talakayan, hanggang sa mga kahingian. Inilalagay ang kopya ng mga "katitikan" sa LAPIS.

Dagdag pa ni Salazar, nagsimula na rin siyang gumamit ng internet noon kung saan inilalagay sa isang website ng mga mag-aaral ang ano mang maisipan upang lumikha ng pag-uusap (Panayam, Hulyo 19, 2019). Sa pagtatapos ng termino, nagkaroon din ng kumperensiya ang mga klase ni Salazar at naging bahagi ang ilan sa mga panapos na papel ng aklat na Sikohiyang Panlipunan at Kalinangan (2004) sa patnugot ni Salazar. Ginunita ni Anicete (Panayam, Hunyo 28, 2019) ang karanasan bilang mag-aaral ni Salazar kung saan maraming rebisyon ang pinagdaanan ng kaniyang akda hanggang maaprubhan ito ng kaniyang propesor, at payagang mailimbag. Nagresulta rin ito sa kaniyang masteradong tesis na nakasulat sa Wikang Filipino.

Parehong itinataguyod ni Salazar ang SP at Pantayong Pananaw (PP), pagdiin niya "Pareho naman yan...ang PP ay mas encompassing, habang ang SP ay tungkol sa sikolohiya ng tao at lipunan. Parehong nakatuon sa kultura. . .sa kalinangan. . .na pinakabatayan kapwa ng kasaysayan at ng sikolohiya." Pagpapaliwanag pa ni Salazar (Panayam, Hulyo 19, 2019): "kahit sikolohiya ng tao ay nakasalalay sa kung saan siya nakaugat na kultura. Halimbawa, iba ang sikolohiya ng Hapon sa ating mga Pilipino kasi iba ang kultura ng Hapon sa atin."

Pang-anim, kahit pa nanggaling si Sta. Maria sa U.P. na dala-dala ang napakalakas na kultura nito kaakibat ang malakas ding intelektwal na kilusan, naging bahagi pa rin si Sta. Maria ng mahalagang pag-unlad ng SP dahil sa kaniyang aktibong pagsusuri at kritisismo nito na nakadagdag sa makabuluhang diskurso. Hindi lihim na isa si Sta. Maria, na naging research assistant ni Enriquez, sa tanyag na bumabatikos sa SP bilang disiplina. Para kay Sta. Maria, "matagumpay sa antas ng epektibong kooperasyon sa iba pang mga disiplina ang SP, kaya lamang tila naging paralisado sa sarado at sariling pagtingin sa adbokasiya nito. Higit sa lahat, sa pamamagitan ng mga naging mag-aaral ni Enriquez, mas nanaig lamang ang pagpapakalat ng ideohiya ng SP sa halip na magkaroon ng mas matatatag na pananaliksik tungkol dito" (Demeterio, Liwanag, at Ruiz, 2017).

Pampito, marami na ring isinulat na tesis sa ilalim ng Batsilyer sa Sining sa Sikolohiya ng DLSU mula sa perspektiba ng SP at gamit ang Wikang Filipino mula pa noong 1990s. Paliwanag ni Javier: "ang ibig sabihin, bukod na ang perspektiba ay SP, ang pinag-aralan ay ang mga subject sa SP, at isinulat sa wikang Filipino (Panayam Disyembre 11, 2019)." Kaya inaasahan na marunong sa Wikang Filipino ang mga mag-aaral at sinisikap rin ng kaguruan na may SP ang karamihan sa kanilang pag-aaral. Masasabing ang naging kontribusyon ng DLSU sa pagsulong ng SP ay ang paglaan ng estruktura sa programa at pagpondo ng mga aktibidad na naglalayong mas mapayaman ang diskurso ng SP.

Aktibo rin ang organisasyon ng mga mag-aaral na Samahan ng Mag-aaral sa Sikolohiya sa pagsusulong ng mga programa at aktibidad na may kaugnayan sa SP. Bahagi rin sila ng Alyansa ng mga Mag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino o TATSULOK ang samahan ng mga mag-aaral na naglalayong magtatag ng isang alyansa upang isulong at isabuhay ang Sikolohiyang Pilipino.

Pangwalo, sa paglipas ng panahon, mas lumawak ang interes sa SP ng kaguruan ng DLSU. Nagmula sa iba't ibang departamento ang kaguruan na naglilimbag tungkol sa SP at umiinog sa iba't ibang usapin at isyu tulad ng negosyo, hanapbuhay, politika, kasarian, relihiyon, espiritwalidad, midya, panitikan, at iba pa. Ilan sa dati at kasalukuyang mga fakulti na aktibong nanaliksik kaugay nito ay sina Dr. Dennis S. Erasga (Social Science and Behavioral Sciences), Dr. Jose Rhommel B. Hernandez (Kasaysayan), Dr. Lars Raymund C. Ubaldo (Kasaysayan), Dr. Michael Charleston "Xiao" B. Chua (Kasaysayan), G. Vicente Angel S. Ybiernas (Kasaysayan), Dr. Napoleon M. Mabaquiao (Pilosopiya), Dr. Antonio P. Contreras (Agham-Pampolitika), Dr. Rhoderick V. Nuncio (Filipino), Dr. Rowell D. Madula (Filipino), Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III (Filipino), Dr. Alona Jumaquio-Ardales (Filipino), Dr. Jose M. De Mesa (Teolohiya), Dr. Rebecca G. Cacho (Teolohiya), Dr. Tereso S. Tullao, Jr. (Ekonomiks), Gerardo L. Largoza (Ekonimiks), Dr. Benito L. Teehankee (Management and Organization).

Ang Pagsulong ni Br. Andrew sa Pilipinisasyon sa DLSU

Naglingkod si Br. Andrew Gonzalez, FSC (1994-2006) bilang Pangulo ng DLSU sa loob ng apat na termino (1979-1991 at 1993-1998). Bago ang unang termino sa pagkapangulo ng DLSU ni Gonzalez, nagsilbi siyang bise presidente ng akademiks mula 1971 hanggang 1978. Nanungkulan din siya mula 2003 hanggang 2005 bilang pangalawang pangulo ng akademiks at pananaliksik mula 2003 hanggang 2005. Malaki ang ginampanan ni Gonzalez sa Pilipinisasyon sa DLSU.

Pigura 3. Br. Andrew Gonzalez (mula sa Wikipedia.org)

Nabatid ni Gonzalez na ang tunay na isyu sa Pilipinisasyon ay ang pagpapaunlad ng mga pananaliksik sa agham panlipunan para sa ikauunlad ng Pilipinas (Gonzalez, 1982). Kaya naman ang pagbuo ng mga maka-Pilipinong metodo-teorya ay hindi dapat pilit at pawang pagsasalin o pagbibigay ng Pilipinong ngalan sa mga konseptong natutunan sa Kanluran, kundi bunga ng empirikal na oryentasyong nakatinggin sa realidad at konteksto ng lipunang Pilipino. Kaya naniniwala si Gonzalez na maituturing pa ring tunay na panitikang Pilipino kahit na nakasulat sa wikang Ingles, hanggang nakabatay ito sa buhay at bisyon ng Pilipinong awtor na hindi pinipilit na maging awtentikong Pilipino (1982). Sa madaling salita, mahalaga na nakabatay ang buod ng saliksik at akda sa realidad ng lipunang Pilipino.

Naging mas malinaw ang panawagan ni Gonzalez para sa research university at Pilipinisasyon ng kaalaman sa DLSU nang bumagsak ang rehimeng Marcos at kinakailangan ang pambansang rekonstraksyon. Tiningnan ang DLSU bilang isa sa pangunahing institusyon na tutulong sa bansa na makaahon mula sa pagkalugmok dala ng rehimeng Marcos. Ani Gonzalez, "the role of DLSU for national reconstruction in the long-term is to be resource of academic excellence in research and teaching" (Sipi ni Demeterio sa Gonzalez 1986, 20). Ang pagpapalakas ng kultura ng pananaliksik ay may katumbas na panlipunang layunin ng mga fakulti, "will need to do research by indigenizing knowledge not only to liberate the Filipino from the shackles of cultural imperialism or to make knowledge relevant (and therefore useful) but above all to create a citizenry that will be able to cope with the intellectual demands of the twenty-first century" (Sipi ni Demeterio sa Gonzalez, 1986). Kungsagayon, kakabit ng pagsulong ng modelong ito ay ang masusing pagpili ng mga mananaliksik na may kaakibat na panlipunang layunin.

Mahalagang nakaugat sa realidad ng lipunang Pilipino ang mga gagawing pananaliksik ng mga fakulti dahil nakikita itong instrumental sa pagtamo ng "tunay na kalayaan" at paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral na angkop sa ika-21 na siglo. Kaalinsabay nito na magagamit ang mga kakayahan at karunungan sa mga praktikal na pagkakataon at sa pagtulong sa komunidad partikular na sa higit na nangangailangang mga minoridad na sektor at nasa laylayan ng lipunan.

Dulot ng pagiging bata pa ng pananaliksik sa konteksto ng lipunang Pilipino lalo noong 1980s at upang maiwasan ang intektwal na imperyalismo, naniniwala si Gonzalez na mahalaga sa isang agham siyentista ang kamalayan sa mga nalikha nang mga modelo at paradaym mula sa iba't ibang disiplina (1982). Dagdag dito, ang paniniwala ni Gonzalez na malaki ang maitutulong ng mga iskolar at eksperto na nagtapos sa ibang mga pamantasan upang makamit ang academic freedom at makalikha ng bagong ideya. Nakaugnay rin ang pagrekruit ng mga magagaling na iskolar mula sa ibang pamantasan sa mga hakbang na naaayon sa pangarap ni Br. Andrew Gonzalez, FSC (1994-2003) na magsulong na maging isang research university na pinasimulan taong 1979.

Sa pagtuturo sa DLSU ng mga pangunahing nagsusulong ng SP, nakapagpayabong ito ng mga interes ng mga mag-aaral sa pananaliksik ng mga paksa kaugnay ng SP. Patuloy ring pinalakas ng SP

sa pangunguna ng Departamento ng Sikolohiya ng DLSU hanggang maging isang required na kurso ito mula noong 1994 sa mga kumukuha ng programang Sikolohiya.

Nakitang pangkahalatang suliranin ni Gonzalez sa Pilipinas ang kakulangan sa mga materyal sa silid-aklatan at kawalan ng kakayahan na makaintindi ng banyagang wika, bukod sa Ingles, upang mas mapalawak ang kaalaman sa mga pananaliksik mula sa iba't ibang panig ng mundo Dagdag dito, makakatulong ang paggamit ng Wikang Filipino na muling pag-isipan ang mga natutunang kanluraning metodo at pamamaraan sa pamamagitan ng pagbalik sa pagsusuri sa estruktura ng wika (Gonzalez, 1982).

Kaya si Gonzalez ang isa sa pangunahing sumusuporta at naghikayat ng mga pananaliksik at programa sa Wikang Filipino sa DLSU. Sa panunugkulan ni Gonzalez bilang pangulo ng DLSU noong 80s nabuo at ilunsad ang MALAY Journal upang maging espasyo sa paglilimbag ng mga papel, pananaliksik, at artikulong mula sa iba't ibang disiplina na naglalahad ng mga kaisipan, kaalaman, at damdamin o kamalayan sa lipunang Pilipino gamit ang wikang Filipino. Ang MALAY Journal bilang isang multi/interdisiplinaryong journal ay patuloy na naglilimbag ng mga pananaliksik na tumatalakay sa mga paksa ng SP. Ginagamit na ang mga naililimbag rito bilang babasahin sa mga klase sa kolehiyo.

Nabuo rin sa panunungkulan ni Gonzalez ang opisyal na journal ng Departamento ng SIkolohiya-DLSU na LAYAG na nakasulat sa wikang Filipino at Ingles alinsunod sa patakarang bilinggwal sa paggamit ng wika. Una itong nailimbag noong Disyembre 1996 at huli noong Disyembre 1998, nagbigay-daan ito upang makadagdag sa mga maaaring paglimbagan ng pag-aaral sa SP.

Ang Katayuan at ang Hinaharap ng SP sa DLSU

Nanindigan ang mga tagapagtaguyod ng SP na isa ito sa mga nanguna sa multidisiplinaryo/interdisiplinaryong lapit kabilang ang iba't ibang disiplina tulad ng teolohiya, kasaysayan, ekonomiks, negosyo, komunikasyon, at behavioral sciences. Pagmamalaking ibinahagi ni Javier (Panayam Disyembre 11, 2019): "noong 80s … hindi pa nauuso ang multidisiplinaryong dulog, nagsasagawa na ng multidisiplinaryong lapit ang SP. Dahil ang kaniyang kumperensiya ay nilalahukan hindi lamang ng mga galing sa disiplina mismo ng sikolohiya." Labis na nakatulong ang ugnayan at pakikipag-ugnayan sa iba pang mga organisasyon na labas sa sikolohiya. Aniya, "nakikipag-ugnayan kami noon sa Sanggunian sa Filipino (SANGFIL), na samahan ng mga pang-akademikong institusyon na nagtuturo ng mga kurso sa Filipino (Panayam Disyembre 11, 2019)." Kasalukuyang lumalago nang lumalago ang bilang ng mga nagsusulat at naglalathala mula sa iba't ibang disiplina upang makapag-ambag sa bulto ng mga publikasyon hinggil sa SP.

Pigura 4. Dr. Gerardo Largoza
(mula sa THE Campus Live)

na pinalakas at bumuo ng mga programa kaugnay ng intelektwalisasyon ng Wikang Filipino. Opinyon ni Dr. Gerardo Largoza, na fakulti ng School of Economics sa DLSU at naging tagapayo sa tesis si Sta. Maria (Panayam, Hunyo 6, 2020): "but I do not think that there are many universities that can, especially that started with Americans or foreigners, that travelled this far in support with the Filipino Language. Sa tingin ko, ang status ng SP sa DLSU, dala iyon ng isang wider current within DLSU na importante ang Wikang Filipino. . .at importanteng makita siya sa iba't ibang disiplina." Katunayan, ginagamit ni Largoza ang Wikang Filipino sa pagtuturo ng asignaturang Behavioral Economics dahil naninindigang may mga konsepto na sa Wikang Filipino lamang maipapahayag sang-ayon sa sariling obserbasyon.

Mahalagang maging karaniwang bahagi na ng mga disiplina ang SP tulad ng paggamit sa Wikang

Filipino sa pagtuturo ng mga espesyalisadong kurso. Makabuluhang hakbang ang normalisasyon sa paggamit ng Wikang Filipino at pagiging bahagi ng SP ng mga disiplina. Nakikinita ni Largoza ang alternatibong hinaharap kung saan kinikilala ng mundo ng agham panlipunan ang kontribusyon ng SP dahil sa pagtatagpo ng mga pamamaraan at katanungan pampananaliksik (Panayam, Hunyo 6, 2020). Bilang halimbawa, winika ni Largoza na kapag pinag-uusapan ang pagtuturo sa ekonomiks sa Wikang Filipino, hindi na nararapat lumabas ang pangalan nina Dr. Tereso Tullao, Jr., isang propesor ng ekonomiks sa DLSU na tanyag sa paggamit ng Wikang Filipino, dahil "normal" na ang paggamit sa Wikang Filipino sa larangan ng ekonomiks (ibid.). Naniniwala rin si Largoza na kusang lalabas pa rin ang namumukod-tanging katangian ng SP sa mga pag-aaral (ibid.).

Maaaring ang mahabang paglalakbay at malawak na propagasyon ang nagdulot upang maituring ang SP bilang interes sa pananaliksik. Subalit, para kay Largoza (Panayam, Hunyo 6, 2020) mahalaga ang pagkakaroon ng gradwadong programa para sa Sikolohiyang Pilipino upang magkaroon ng mga ituturing na espesyalista at hindi lamang bahagi ng interes sa pananaliksik (research interest). Aniya, isa sa mga susing estratehiya para sa mga kurso sa agham panlipunan (katulad ng SP) ay ang kakayahang makapaghain ng programa (Largoza, Panayam, Hunyo 6, 2020).

Samantala, si Dr. Benito Teehankee na naging tagapayo sa tesis si Enriquez , aktibong tagapagtaguyod ng SP, at fakulti ng Management and Organization Department sa DLSU, bagaman nasa ibang departamento sa kasalukuyan, nilalayon pa rin niyang maging malay sa SP maging ang kaniyang mga mag-aaral sa Management. Aniya, "I wanted to build a bridge between the theory and practice, and indigenous thinking (Panayam, Disyembre 19, 2018)." Kung kaya patuloy na hinihikayat ni Teehankee ang mga mag-aaral sa gradwadong programa na lumikha ng teorya na mailalapat sa mga pinagtatrabahuhang industriya ng mga namumuno sa mga kumpanya sa Pilipinas.

Pigura 5. Dr. Benito Teehankee (mula sa Manila Times)

Nanguna rin si Teehankee sa pagbuo ng Philippine Academy of Management (PAoM), samahan na naglalayong mapalakas at malinang ang pamamahala ng mga iskolar at praktisyoner sa Pilipinas. Buhat ito nang mapansin ni Teehankee na siya lamang ang Pilipinong dumalo sa kumperensiya sa Shanghai na pinamunuan ng "Asia Academy of Management," isang pandaigdigang organisasyon na tunguhing paigtingin ang pananaliksik sa management, edukasyon, at diseminasyon ng kaalaman kaugnay ng management sa Asya. Samantala, natuklasan din ni Teehankee ang artikulong pinamagatang "Pinoy-style HRM: Human Resource Management in the Philippines" noong 2001 na isinulat nina Jan Selmer at Corinna de Leon sa Asia Pacific Business Review. Ayon kay Teehankee (Panayam, Disyembre 19, 2018), natatangi ang naturang artikulo dahil bihira o halos walang Pilipino ang naglilimbag noon sa pandaigdigang journal na gumagamit ng mga konseptong Pilipino sa pagtalakay sa estilo ng human resource management sa Pilipinas. Nakabatay ang pagsusuri ng artikulong ito sa kumplikadong katutubong sistema ng core values ng mga Pilipino na nakapokus sa pagtanggap ng lipunan, na nagtatangi rin sa estilo ng human resource na ipinapatupad sa Pilipinas.

Sa mga nagdaang panahon, ilang beses nang muntik matanggal ang asignaturang kaugnay ng Wikang Filipino at hinarap ang banta ng paghina

ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo sa kolehiyo. Matapos mailatag sa Academic's Council ng DLSU ang mga panukala kaugnay ng kahalagahan ng wika at asignaturang Filipino sa kolehiyo, napagtagumpayan ito ng Departamento ng Filipino matapos matanggap ang makasaysayang desisyon noong ika-12 ng Agosto, 2020. Ipinagtibay ito ng nasabing konseho noong ika-13 ng Agosto, 2020 sa pulong ng Council of Chairs na magiging ganap na polisiya sa buong Pamantasan ang intelektwalisasyon ng Wikang Filipino bilang bahagi ng estratehikong layunin ng DLSU. Sa bisa nito, palalakasin ang paggamit ng Wikang Fililipino sa pagtuturo, pananaliksik, publikasyon, at gawaing ekstensyon ng iba't ibang kolehiyo sa DLSU.

Alinsunod dito, naging positibo ang naging tugon ng mga mag-aaral sa SP. Ayon kay Javier, noong dalhin ang SP sa DLSU, wala siyang nakitang pagtutol (o resistance) lalo sa pagtuturo nito sa Wikang Filipino (Panayam Disyembre 11, 2019). Dagdag dito, wala ring naging isyu sa mga mag-aaral nang inalok bilang kurso at kinukuha ng regular ng mga mag-aaral. Pagpapatibay ni Javier: "hindi naging mahirap ang paggamit ng Wikang Filipino para sa mga mag-aaral. They can appreciate that it is in Filipino. Hindi rin ito mahirap na mapag-aralan (ibid.)." Patuloy ring lumaganap ang SP sa DLSU sa tulong ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng organisasyong Samahan ng Mag-aaral sa Sikolohiya (SMS), ang opisyal na organisasyon ng mga mag-aaral sa Sikolohiya, na sumusuporta sa mga proyektong may kaugnayan sa SP.

Dagdag dito, patuloy na itinataguyod ang SP ng ilang mag-aaral noon ng Departamento ng Sikolohiya at mga fakulti mula sa DLSU sa pamamagitan ng pagiging bahagi ng pamunuan ng PSSP, ang itinuturing na panlipunan at propesyonal na organisasyon ng SP, tulad nina Dr. Roberto Javier, Jr., Dr. Homer Yabut, at Dr. Darren Dumaop mula Departamento ng Sikolohiya, at maging si Dr. Benito Teehankee mula Department of Management and Organization. Aktibo ring nakikilahok ang karamihan ng fakulti at mag-aaral ng DLSU sa talakayan tungkol sa SP sa pamamagitan ng pagdalo sa mga kumperensiya at paglilimbag ng mga pag-aaral.

Sa usapin ng direksyon ng SP sa DLSU, maituturing itong makulay at natatangi – may lumapat, may lumayo, may lumipat, may lumihis, pero marami pa ring patuloy na lumalapit. Mahalaga ang konsepto ng "paglapit" dahil sa maka-Kanluraning uri ng edukasyon sa Pilipinas na marami ang "lumayo." Paliwanag ni Javier (Panayam Disyembre 11, 2019) sa ibig sabihin ng "paglapit" at "paglayo:" "hinahanap natin ang "paglalapat." Isang paraan na "lumapit" muna tayo. Kasi "lumayo" tayo e. 'Yong iba, hindi "lumayo" dahil ginusto nila. Kundi dahil "inilayo" sila. Bahagi ng paglilinaw ang "paglapit" sa pamamagitan ng patuloy na pagtatanong, pag-uusap, pagdidiskurso, at pananaliksik. Nakikita ni Javier ang pangangailangan sa pagpapalakas nito dahil ito ang katuwang sa pagbuo at pag-unawa ng kaalamang Pilipino sa lahat ng larangan.

Kung kaya kapag naliwanagan na sa pangangailangang pagtatag ng kung "ano ang sa atin," kailangan nating pagnilayan at palakasin ito. Dagdag ni Javier: "At ang sabi naman ni Covar, hanapin natin ang pagka-Pilipino mula sa mga Pilipino. Kaya mahalaga 'yong "pagtatanong" sa naglalapat. So "lapit" tayo, 'wag tayong "lumayo. . ." kasi may "mga papalayo" e. Pero mayroon ding tinatawag si Enriquez sa kaniyang dayagram na "paglihis." Kapag may mga nais "lumihis," hayaan silang "lumihis" (Panayam Disyembre 11, 2019). Gayunman, kahit na may "paglihis" winika pa rin ni Javier na kailangan pa ring maipaliwanag at masabi sa kung ano ang "matatawag mo talagang sa iyo (ibid.)."

Hindi lamang nararapat na isaalang-alang ang paglaganap at direksyon ng SP sa pamamagitan ng pagsusuri na ito, kundi kabilang na rito ang pagtimbang ng lakas nito. Matitimbang lamang ang lakas ng SP sa DLSU depende sa mga bilang, kalidad, at mga uri ng pananaliksik na nailalathala ng mga fakulti at kung may mga mag-aaral na nagpapatuloy nito. Ani Dr. Sta. Maria, "how many papers are actually published? What kind of papers have been published? Are these empirical papers? Are these papers published in journals? What are the researches [that are] promoted by students in their theses [or] in their dissertations that will have to do with the individuals or about culture [that is] psychological? That is the gauge where we can see what Sikolohiyang Pilipino is now. . .since before, it was actually in the university (Panayam Hunyo 19, 2019)." Upang lalong lumakas ang SP, isinasaalang-alang ang kalidad ng mga inilalathala dahil ito ang magiging sanhi ng mas marami at mas malalim na "pagtatanong" at "pagdidiskurso."

Sa kabilang banda, patuloy ang taunang kumperensiya ng PSSP na hindi lamang nananatiling aktibong kasapi ang mga fakulti sa DLSU, datapwat pinamumunuan din ng ilan sa kanila. Ano man ang pagtingin sa katayuan ng SP, pinakamahalagang isipin ang layunin na magamit ito sa kabutihan at kalinangan ng sambayanan. Ika ni Sta. Maria, "[Sa paggawa ng pananaliksik, dapat] gusto natin

maintindihan ang sarili natin at mabigyan ng solusyon yung problema ng mga tao dito sa Pilipinas at para mapabuti natin ang kabuhayan ng mga Pilipino (Panayam Hunyo 19, 2019)." Samakatuwid, maaaring umusad at lumakas ang SP kung may patuloy na diskurso batay sa malinaw nitong layunin habang isinasaalang-alang ang puspusang pagtimbang ng lakas nito.

Paglalagom at Kongklusyon

Sa humigit-kumulang na limampung taong pamamayagpag ng SP, samu't saring mga mag-aaral, iskolar, at maging ilang propesyonal ang bumuo at nagsagawa ng mga pag-aaral, na ipinagpatuloy ang ideolohiya at adbokasiya ng itinuring na mapagpalayang kilusan. Sa panghuling seksyon na ito, matutunghayan ang paninindigan sa pagpunla at pagpapatuloy ng SP sa DLSU bilang pangalawang sentro nito matapos ang naging panayam kina Dr. Zeus Salazar, Bb. Ma. Angeles Guanzon-Lapeña, Dr. Madelene Sta. Maria, Dr. Roberto Javier, Jr., Dr. Homer Yabut, Dr. Benito Teehankee, G. Raymond Anicete, at Dr. Gerardo Largoza.

Una, hindi maitatangging unang yugto ng pagpunla ng SP sa DLSU ang katotohanang marami sa mga mag-aaral ni Enriquez mula sa U.P. ang nakapagturo at kasalukuyang nagtuturo sa DLSU, kung saan binitbit ang mga natatanging adbokasiya at ideolohiya ng naturang sikolingguwista at kinikilalang "Ama ng Sikolohiyang Pilipino." Lalong napaigting ang impluwensiya ni Enriquez mula noong nagkaroon ng transisyon mula sa behaviorism patungong Cognitive Psychology na patungkol sa internal na mental na proseso, na mas pumatok sa mga mag-aaral dahil mas madaling nasusuri at nauugnay sa diwa, kaisipan, at damdaming Pilipino. Mula rito, umusbong ang ikalawang yugto ng pagbuo ng laboratoryong pampananaliksik na naging kilala bilang LAPIS, kung saan nagsasagawa ng mga pananaliksik, eksperimental man o laboratoryong pagsubok.

Ikalawa, nagsimula ang SP bilang bahagi ng mga kilusang maituturing na inisyal na hakbang tungo sa pagbuo ng pambansang pagkakakilanlan at nasyonalismo. Kung kinasangkapan ni Enriquez ang SP bilang kontra-diskurso sa mga teorya na sikolohikal mula sa Kanluran, maituturing na naging pundamental na pamamaraan ng SP ni Salazar sa kaniyang mga mag-aaral sa DLSU upang mapagsumikapan ang pagwaksi ng Euro-Amerikano na umiiral sa mga diskurso ng mga Pilipino tungkol sa kanilang sarili. Sa U.P nag-ugat ang SP at nagsanga ito sa DLSU. Maituturing na nagmula sa U.P. ang karamihan sa mga unang nagturo at nagsulong ng SP sa DLSU. Umakma ito sa panahon ng pamunuan ni Br. Andrew Gonzalez, FSC na naglalayong palakasin ang kultura ng pananaliksik at magkaroon ng Pilipinisasyon ang kaalaman sa DLSU. Naisakatuparan ang pagpunla ng SP sa DLSU bilang pangalawang sentro nito sa pamamagitan ng matitingkad na estratehiya: ang pagtatag ng propesyonal na organisasyon, pagtatayo ng institusyong pampananaliksik, ang pagtuturo ng kursong Sikolohiyang Pilipino bilang bahagi ng kurikulum ng mga mag-aaral sa sikolohiya, at ang pagiging multidisiplinaryo/interdisiplinaryong dulog ng pananaliksik at pagtuturo. Nadagdagan na rin ang bilang ng mga fakulti sa DLSU na nagsusulong ng SP na hindi lamang sa U.P. nagtapos. Nagkaroon ng hugis, lalim, at lawak ang SP sa DLSU dahil sa institusyonal na manipestasyon, sa pakikipag-ugnayan sa iba pang disiplina at departamento, at ang patuloy na pagsisikap na magkaroon ito ng propesyonal na asosasyong maiuugnay rito.

Ikatlo, matutunghayan na naging teritoryo ang DLSU upang mapagyaman ang diskurso ng multidisiplinaryo/interdisiplinaryong SP para kalaunang malusaw at mawakasan mismo ng mga Lasalyanong mag-aaral sa Sikolohiya ang pagsibol ng mga "misedukadong Pilipino" sangayon sa pagpapakahulugan ni Renato Constantino (1919-1999), na isang historyador at naging tanyag na propesor sa U.P. Manila at Diliman. Buhat nito, sanhi ang paghahain ng SP bilang isang kurso at hindi lamang isang elektib, kung kaya napakaraming mga tesis hinggil sa at paggamit ng SP bilang lente mula sa mga andergradwadong mag-aaral.

Ikaapat, pinagtuunan ng DLSU ang sikolohiya sa bansa upang mapahalagahan at magamit ang lokal na bukal ng kaalaman. Naging pangalawang lunan ang DLSU upang mapagsumikapang mapalaya ang sikolohiya sa Pilipinas mula sa gahum ng mga teoryang Kanluranin, sa pamamagitan ng mga Lasalyanong mag-aaral na gumagamit ng Wikang Filipino sa pagdalumat ng SP sa pagsusuri ng mga panlipunang realidad ng mga kapwa Pilipino. Sa pagkakataong ito, natugunan ang puspusang rekognisyon ng sikolohiya sa Pilipinas sa lente ng Pilipinong pagkakakilanlan at pinagtuunang mapalaya ang diwa ng mga Pilipino mula sa kolonyal na inferiority complex.

Ikalima, kahit pa na may humigit-kumulang na tatlumpung taon na ang itinuring na mapagpalayang gawain ng SP sa DLSU, hindi naging pasaporte ito upang hindi matablan ng mga kritisismo mula sa

ilang iskolar na natunghayan ang adbokasiya ng SP – bagay na maituturing na mas nagpapatibay sa anumang umuusbong na erya ng pag-aaral, disiplina, o larangan bilang patunay sa yumayaman na diskurso tulad ng SP. Bukas na ibinahagi ni Sta Maria na isa sa mga aspekto na kailangang pagtuunan ng DLSU bilang pangalawang sentro ang mas mabisang kolaborasyon sa iba pang mga disiplina dahil mistulang nalumpo at napinid ang SP sa sariling kakayahan ng adbokasiya ng kilusan. Aniya, mas nanatili ang pagpapalaganap ng ideolohiya ng SP sa DLSU imbis na maitaguyod ang mas malalakas na bulto ng mga pag-aaral hinggil dito.

Ikaanim, ang paraan upang mapagpatuloy ang pagsulong ng SP sa DLSU ay ang patuloy na diskurso at kolaborasyon ng mga iskolar upang patuloy na makapaglimbag, na pinagdiinan ni G. Raymond Anicete, na isa sa mga naging gradwadong mag-aaral ni Salazar sa programang Master of Science in Cultural Psychology sa DLSU. Bukod pa rito, kinakailangan din ang paghikayat ng mas marami pang mga gradwadong mag-aaral na patuloy na mananaliksik hinggil sa diskurso ng SP.

At pangwakas, maituturing pa ring ganap ang naging pagpunla nito sa DLSU bilang pangalawang sentro sa kabila ng ilang puntos upang mas mapaigi ang diskursibong katayuan ng SP. Kapag pagbabatayan ang bilang ng aktibong kapanalig ng PSSP, ang itinuturing na panlipunan at propesyonal na organisasyon ng SP, kung saan malaki ang porsyento ng pamunuan ng mga Lasalyanong propesor, na aktibong nag-oorganisa ng mga kumperensiya, at iba pang akademikong aktibidad. Buhat nito, kapag titingnan ang heograpikal na lokasyon, matutunghayan ang bulto ng kontribusyon kung saan ang hilaga ay sakop ng U.P. bilang pangunahing sentro, habang nasa timog ang saklaw ng DLSU bilang pangalawang sentro (Guanzon-Lapeña, Panayam Disyembre 11, 2019). Gayong hindi madaling sabihin na tunay ang katatagan ng SP sa DLSU, ngunit makikitang malakas ang SP sa DLSU dahil nakapag-ambag ito sa lalong pagpapayaman ng diskurso at mas ingklusibong talakayan. Anu't ano pa man, ang pagsusumikap ng kilusang SP sa DLSU ay maituturing na inisyal na hakbang upang matamo ang tunay na mapagpalaya at demokratikong sistemang pang-edukasyon na nagsisilbi sa pangangailangan ng mga mamamayan nito at ng kanilang mga hangarin.

Etikang Pahayag

Nakaayon ang pananaliksik na ito sa mga pamantayang etikal at mga alituntunin na itinakda ng National Research Council of the Philippines (NRCP).

Kinuha rin ang oral konsent mula sa lahat ng mga kinapanayam sa pananaliksik na ito. Isinagawa rin ang mga hakbang upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyon mula sa mga kinapanayam.

Deklarasyon ng Salungat na Interes

Ipinapahayag ng mga mananaliksik na walang salungat na interes na maaaring makaimpluwensya sa layunin ng pananaliksik o paglimbag ng artikulong ito. Walang pinansyal o personal na relasyon sa mga indibidwal o organisasyon na maaaring magkaroon ng hindi naaangkop na impluwensya sa gawaing inilarawan sa manuskritong ito.

Konstribusyon ng mga May-akda

Si **Dr. Deborrah Sadile Anastacio** ang bumuo ng ideya at nagdisenyo ng balangkas ng pananaliksik. Nakabatay ito sa kaniyang disertasyong Ang ANIMO sa Sikolohiyang Pilipino: Ang Kasaysayan, Diskurso, at Direksyon ng SP sa DLSU-CLA sa patnubay ng kaniyang mentor na si Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III. Dagdag dito, kasama rin siya sa pangangalap ng datos, analisis at interpretasyon ng datos, at kritikal na nagrebyu at nagsagawa ng rebisyon ng manuskrito.

Dr. Leslie Anne L. Liwanag ay katuwang sa pangangalap ng datos at nagbigay ng interpretasyon sa resulta ng pananaliksik. Nagbigay rin siya ng kritikal na puna sa manuskrito.

Bb. Monica Renee G. Policarpio ay katuwang sa pangangalap ng datos, analisis ng datos, at pagsulat ng burador ng manuskrito. Malaki ang kaniyang ambag sa interpretasyon ng resulta at pagsasagawa ng rebisyon ng manuskrito.

Narebyu at inaprubahan ng lahat ng mga mananaliksik ang pinal na bersyon ng manusrito para sa pagpasa sa journal.

Mga Sanggunian

Demeterio, F.P.A. III, LIwanag, L.A.L., & Ruiz, P.J.A.(2017). Si Madelene Sta. Maria at Ang Sikolohiyang Pilipino: Pakikipanayam sa Isa sa mga Kauna-Unahang Iskolar na Bumatikos sa Nasabing Intelektuwal na Kilusan. *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 11(1), 48–69. DOI:10.25138/11.1.a4

De La Salle University. (n.d.). Faculty profile: Psychology. Retrieved February 8, 2024, from https://www.dlsu.edu.ph/colleges/cla/academic-departments/psychology/faculty-profile/

Enriquez, V. (1992). *The Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. The University of the Philippines Press.

Gastardo-Conaco, M.C. (2005). The Development of Filipino Indigenous Psychology. P*hilippine Journal of Psychology* 38(2), 1-17. https://www.pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Philippine%20Journal%20of%20Psychology/2005/03_The%20Development%20of%20a%20Filipino%20Indigenous%20Psychology.pdf

Gonzalez, A.B. (1982). Filipinization of the Social Sciences : A Red Herring?. *PSSC Social Science Information,* 9, 9-13. https://www.pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Works/Andrew%20Gonzalez/Filipinization%20of%20the%20Social%20Sciences-A%20Red%20Herring.pdf

Gripaldo, E. M. (2006). Ang Kasaysayang Pasalita at Ang Lokal na Kasaysayan. *The Journal of History* 52 (1), 282-295. https://ejournals.ph/article.php?id=5302

Licuanan, P. B. (1985). Psychology in the Philippines: History and Current Trends. *Philippine Studies,* 33 (1), 67-86. https://www.jstor.org/stable/42632765

Mapua Malayan Colleges Laguna. (2017, March 2). Facebook. Retrieved February 8, 2024 from https://www.facebook.com/MapuaMCL/photos/a.106163182772885/1222488607806998/?type=3

Paredes-Canilao, N., & Babaran-Diaz, M. A. (2013). Sikolohiyang Pilipino: 50 years of critical-emancipatory social science in the Philippines. *Annual Review of Critical Psychology,* 10, 765-783. https://www.academia.edu/download/43569934/50_years_of_Emancipatory_Social_Sciences.pdf

Pe-Pua, R. at Protacio-Marcelino, E.A. (2001). Sikolohiyang Pilipino. (Filipino Psychology): A Legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology,* 3 (1), 49–71. DOI:10.1111/1467-839X.00054

Salazar, Z. A. (2015). Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino Espesyal na Isyu,* 1, 57-79. https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4949

The Manila Times. (2019, August 20). Liberally educated business leaders. Retrieved February 8, 2024, from https://www.manilatimes.net/2019/08/20/business/columnists-business/liberally-educated-business-leaders/603033

Times Higher Education: Times Higher Education. (2023). [Speaker profile]. In THE Southeast Asia Universities Summit. Retrieved [insert date], from https://www.timeshighered-events.com/live-seasia-2023/agenda/speakers/3124384

Thirteenth Congress of the Republic of the Philippines. (2013, March 06). *Resolution Honoring the Life and Legacy of Dr. Estefania Aldaba-Lim. http://legacy.senate.gov.ph/lisdata/47723921!.pdf*

UST Department of Psychology. University of Santo Tomas Website, inakses noong Agosto 25 2020, <http://www.ust.edu.ph/science/department-of-psychology/> .

Wikipedia contributors. (n.d.). Andrew Gonzalez. In Wikipedia. Retrieved February 8, 2024, from https://en.wikipedia.org/wiki/Andrew_Gonzalez

Yacat, J. A. (2013). Tungo Sa Isang Mas Mapagbuong Sikolohiya: Hamon sa Makabagong Sikolohiyang Pilipino. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* 19 (2), 5–32. https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/3808